



Tuklasin ang Kanyang Kagandahan sa Loob **ng 7 Minuto**

Part 2 of 7

**ANG RELIHIYON
NINA ADAN AT EBA**

DR. NAJI IBRAHIM



Isang Relihiyon At Isang Mensahe!

Mula nang nilikha si Adan at Eba, sa buong kasaysayan ng salinlahi, iisa lamang ang totoong Relihiyon na may iisang orihinal na mensahe ang paulit-ulit na ipinapadala sa sangkatauhan. Upang paalalahanan ang sangkatauhan sa mensaheng ito at ibalik sila sa tuwid na landas, maraming mga Propeta at mga Sugo -kasama sina Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus, at Muhammad ang ipinadala ng Nag-iisang Tunay na Diyos upang ipahayag ang parehong mensahe na ito at sundin ang parehong Relihiyon ng Diyos.

Kung gayon na ang mensahe ng mga Propeta at mga Sugo ay iisa, samakatuwid, ang kanilang Relihiyon ay iisa!

Pagpapasakop sa Kagustuhan ng Nag-iisang Diyos (Allah) ang siyang pinakadiwa ng kanilang mensahe. Ang salitang 'PAGPAPASAKOP' ay ang kahulugan ng salitang Arabik na 'ISLAM.'




Isang Relihiyon At Isang Mensahe!

Mariing tiniyak ng Banal na Qur'an na ang pagpapasakop sa Diyos, o 'Islam', ay ang totoong Relihiyon ni Adan at lahat ng mga Propeta at mga Sugo ng Diyos. Nabanggit sa Bibliya ang maraming pahayag kung saan tinuruan ni Hesus ang kanyang mga tagasunod na gawin ang kagustuhan ng Diyos at sundin ang Kanyang mga utos. Katulad nito, iniuulat ng Bibliya ang mga salitang ito ng kapatid ni Hesus na si Santiago, na tumutukoy din sa kahulugan ng Islam (pagpapasakop sa Diyos) nang sinabi niya:

“Magpasakop kayo sa Diyos.” (Santiago 4:7)

Ang salitang 'Muslim' ay nangangahulugang isang tao na nagpapasakop ng kanyang kagustuhan sa lisang Tunay na Diyos; samakatuwid, ang mga Muslim ay totoong tagasunod nina Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus, Muhammad, at ang iba pang mga Propeta.



Ang Nag-iisang Tunay Na Diyos sa Lumang Tipan ng Bibliya

- "Dinggin mo, oh Israel: ang Panginoon nating Diyos ay Isang Panginoon." (Deutoronomio 6:4)
- "Sapagka't Ako'y Diyos, at walang iba liban sa Akin; Ako'y Diyos, at walang gaya ko." (Isaias 46 9)
- "Kaya't Ikaw ay Dakila, Oh Panginoong Diyos: sapagka't walang gaya Mo, o may ibang Diyos pa bukod sa Iyo, ayon sa lahat na aming naririnig ng aming mga pakinig." (2 Samuel 7:22)
- "Upang inyong malaman at magsisampalataya kayo sa Akin, at inyong matalastas na Ako nga ang siyang Diyos, walang diyos na inanyuan na una sa Akin, o magkakaroon pagkatapos Ko. Ako sa makatuwid baga'y Ako, ang Panginoon, at maliban sa Akin ay walang Tagapagligtas. (Isaias 43: 10-11)
- "Oh Panginoon, walang gaya Mo, ni mayroon mang sinomang Diyos liban sa Iyo, ayon sa lahat naming narinig ng aming mga pakinig." (1 Mga Cronica 17:20)
- "Ako ang una, at Ako ang huli; at maliban sa Akin ay walang Diyos." (Isaias 44:6)
- "Walang Diyos liban sa Akin: isang ganap na Diyos at Tagapagligtas; walang iba liban sa Akin. Kayo'y magsitingin sa Akin, at kayo'y mangaligtas, lahat na taga-wakas ng lupa: sapagka't Ako'y Diyos, at walang iba liban sa Akin. Ako'y sumumpa ng Aking sarili, ang salita ay nakabitaw sa Aking bibig sa katuwiran, at hindi babalik, na sa Akin ay luluhod ang bawa't tuhod, bawa't dila ay susumpa." (Isaias 45:21-23)



Ang Nag-iisang Tunay Na Diyos sa Bagong Tipan ng Bibliya

- "Lumapit sa kanya ang isa, at nagsabi, mabuting guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan? At sinabi niya (Hesus) sa kaniya, bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang ibang mabuti maliban sa Nag-iisa, Siya ang Diyos." (Mateo 19:16-17, KJV)
- "At ito ang buhay na walang hanggan, na Ikaw ay makilala nila, Ikaw ang tanging Diyos na Tunay na Nag-iisa Ka, at si Hesukristo ang Iyong sinugo." (Juan 17:3)
- "Sambahin ninyo ang Tunay na Diyos na inyong Diyos at Siya lamang ang inyong paglilingkuran." (Mateo 4:10)
- "Sumagot si Jesus sa kaniya: Ang pangunahin sa lahat ng mga utos ay ito: Pakinggan mo Israel. Ang Panginoon mong Diyos ay iisang Panginoon. Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo at nang buong lakas mo. Ito ang unang utos. Ang ikalawang utos ay tulad nito ay: Ibigin mo ang iyong kapwa tulad sa iyong sarili. Walang ibang utos na higit na dakila pa sa mga ito." (Marcos 12:29-31)
- "At sinabi sa kaniya ng eskriba, sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo na Siya'y iisa; at wala nang iba liban sa Kaniya." (Marcos 12: 32)
- Sinagot nga sila ni Jesus, at sinabi, "Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin." (Juan 7:16)




Ang Nag-iisang Tunay Na Diyos sa Banal Na Qur'an

- "At ang inyong Panginoon ay Isang Diyos lamang. Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain." (2:163)
- "Sabihin! Siya si Allah, ang bukod tanging Nag-iisa, si Allah, ang Sandigan ng lahat, ang walang hanggan at walang kapintasan, hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak at Siya ay walang katulad." (112:1-4)
- "Walang sinumang Diyos maliban sa Akin, kaya't sambahin ninyo Ako." (21:25)
- "Siya si Allah, ang inyong Panginoon! Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Kaya't tanging sambahin Siya, at Siya ang Wakil (ang Tagapamahala, ang Tagapagpatupad ng lahat ng mga pangyayari, ang Tagapagbantay) sa lahat ng bagay." (6:102)

"Mayroon pa bang ibang diyos maliban kay Allah? Higit Siyang Kataas-taasan sa lahat ng kanilang iniaakibat na mga katambal sa Kanya!" (27:63)

"Mayroon bang ibang diyos na kasama ang Allah? Sabihin: "Magpakita kayo ng inyong mga patunay, kung kayo ay makatotohanan" (27:64)

"Allah, walang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya, ang Laging Buhay, at ang [patuloy na] Tagapagpanatili [ng lahat]. Ang antok at ang idlip ay hindi makapananaig sa Kanya. Sa Kanya ang [pagmamay-ari ng] anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan. Sino ba ang maaaring [makiusap upang] makapamagitan sa Kanya maliban sa Kanyang pahintulutan. Kanyang nababatid ang anumang mangyayari sa kanila [sa kabilang buhay] at kailanman ay nindi nila matatarok ang anumang bagay mula sa Kanyag Kaalaman maliban kung ano ang Kanyang nais. (2:255)



Ang Pagbubuo

Lahat ng mga Propeta at mga Sugo ng Diyos -kasama sina Adan, Noah, Abraham, Moises, Hesus, at Muhammad ay ipinadala ng iisang Diyos, ang Tagapaglikha, upang ihatid ang iisang mensahe:

Ang tunay na Diyos ay IISA lamang. Tanging Siya lamang ang dapat sambahin at sundin ang Kanyang mga kautusan. Kung gayon na ang mensahe ng mga Propeta at mga Sugo ay iisa, samakatuwid ang kanilang relihiyon ay iisa. Kung ganun, ano ang relihiyon ng mga iyon?

Ang pinakadiwa ng kanilang mensahe ay binubuo ng "PAGPAPASAKOP" sa Nag-iisang Diyos (Allah) at ang salitang ito ay nangangahulugan sa salitang Arabik na "ISLAM."



Ang Pagbubuo

- Mariing tiniyak ng Banal na Qur'an na ang "Islam" ay Relihiyong Tunay nina Adan at Eba at kanilang mga inapo hanggang sa Araw ng Paghuhukom.
- Bilang panghuli, upang makamtan ang kaligtasang inaasam, ay kailangang tanggapin at paniwalaan ang nabanggit na mensahe nang kusang-loob at buong puso.
- Ngunit ang hakbang na ito ay hindi sapat! Datapuwa't kailangan din nating paniwalaan ang lahat ng mga Propeta at mga Sugo ni Allah (nasasaklaw ito ng paniniwala kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan), at sundin ang kanilang totoong relihiyon, patnubay at aral.

Ito ang daan sa buhay na walang hanggang kasiyahan!



Mga Talasalitaang Islamiko

Allah: Ang pangalan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos, ang Tagapaglikha. Ang Islam ay nagtuturo na si Allah ang siyang Tunay na Diyos sa lahat ng sangkatauhan at nilalang. Ang mga Hudyong Arabo at Kristiyanong Arabo ay kanilang ginamit ang pangalan na ito sa pagtawag sa Diyos, at siya ring pangalan na ginamit sa mga Bibliya sa wikang Arabik.

Muhammad: Ang huling Sugo ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah, ipinadala si Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) para sa buong sangkatauhan.

Qur'an: Ang huling Aklat ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad.

Islam: Pagsuko sa kagustuhan ng Tagapaglikha, ang Tunay na Diyos (Allah).

Muslim: Ang taong sumusuko sa kagustuhan ng Tunay na Diyos (Allah), ang Tagapaglikha.



Interesado ka ba?

Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:

www.discoveritsbeauty.com

Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:

info@discoveritsbeauty.com

MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

<https://allahsquran.com>

<http://www.quranexplorer.com>

<http://www.islamhouse.com>

<http://www.edialogue.org>

<http://www.islamreligion.com>

<http://www.newmuslimguide.com>

SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. Tuktok lamang ng bundok ng yelo
2. Ang Relihiyon nina Adan at Eba
3. Ang Abakada ng Islam
4. Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan
5. Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan
6. Ang Huling Pahayag
7. Ang Huling Sugo

ANG PANUNUMPA SA PANANAMPALATAYA (ANG PINTO SA PAGPASOK SA ISLAM)

"Ako ay sumasaksi na walang ibang panginoon kundi si Allah,
at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah"

Sa wikang Arabik:

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ اللَّهِ

Ganito ito binibigkas:

**ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU
ANNA MUHAMMADAN RASOOLULLAH**





بوابتك إلى الترجمة الاحترافية

Your Gate to Professional Translation

www.gatetotranslation.com

info@gatetotranslation.com



GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM



دين آدم وحواء باللغة الفلبينية



Scan it!